
# CALAMBALITA

Vol. 4 No. 002 December 2020 Bilang 33


## Sa Panahon ng Pandemya
# PAG-ASA ang MENSAHE ng PASKO



**May PASKO ba sa gitna ng pandemya? Siyempe! Maaaring mas simple... pero mas makahulugan... malamang ay pamilya lamang ang makakasama... tulad ng Unang Pasko nang ipinanganak si Hesus sa sabsaban... tahimik... tanda ay ang Tala ng Bethlehem... dala ay PAG-ASA para sa lahat!**

**Sama-sama nating damhin ang PAG-ASAng dala ng Pasko para sa katapusan ng pandemya at pananauli ng kapanatagan ng puso ng bawa't isa.**

**Maligayang Pasko po sa lahat!**



# RGC QUARANTINE FACILITY PINAKA-MALAKI SA BUONG BANSA




Ang bagong pasinayang RGC Quarantine Facility sa Brgy. Mapagong ang siyang pinaka-malaki sa buong bansa na may 553 beds para sa mild at asymptomatic Covid cases at 97 para sa health workers. Ang pormal na turn-over ng pasilidad sa lokal na pamahalaan mula sa DPWH ay isinagawa noong ika-14 ng Nobyembre, 2020 at dinaluhan nina Mayor Timmy Chipeco, DPWH Sec. Mark Villar, DILG Sec. Eduardo Año, National Action Plan Chief Implementor Sec. Carlito Galvez, Jr. at mga kinatawan mula sa DOH at OCD.




Nagpasalamat si Sec. Villar sa inisyatibo ng local na pamahalaan na ibahagi ang pasilidad na tinawag ni Sec. Año na “thinking outside the box”, na ayon kay Sec. Galvez ay malaki ang maitutulong para sa ikapagtatagumpay ng Covid response ng pamahalaan.

Sinabi ni Mayor Timmy na bukas ang pasilidad sa lahat ng mangangailangan nito, kahit na sa mga karatig lalawigan.

# PATULOY ANG PAMAMAHAGI NG 3K CAP







Bilang tulong sa mga hindi nakatanggap ng financial assistance sa ilalim ng Social Amelioration Program (SAP) ng DSWD, patuloy na ipinamamahagi ang 3K sa ilalim ng Cash Assistance Program (CAP) ng Pamahalaang Panlungsod.

Sinabi ni Mayor Timmy Chipeco na ang CAP ay naglalayong makatulong sa mga lubos na naapektuhan ng lockdown dulot ng Covid na hindi naman kwalipikado sa SAP program ng pamahalaang nasyonal.

Mayroong nang mahigit 55,000 mamamayan sa 54 barangay ang nabiyayaan ng programa at ipinagpapatuloy pa din ang pamimigay nito.

# KASUNDUAN PARA SA PAGPAPAPAGAWA NG CALAMBA CITY HOSPITAL NAPIRMAHAN NA



Bilang pagbibigay katupuran sa kahilingan ng maraming mamamayan, sisimulan na ang pagpapagawa ng Calamba City Hospital pagkatapos pirmahan ang isang Joint Venture Agreement noong ika-26 ng Setyembre, 2020 sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod at ng Advanced Medical Systems Inc. (AMCI) na siyang magbibigay ng ekspertong kaalaman sa pamamahala ng ospital.

Ang paglagda ay pinangunahan ni Mayor Timmy Chipeco at Vice Mayor Ross Rizal sa panig ng Pamahalaang Panlungsod at ni Dr. Domingo Amistad, Pangulo at CEO, at G. Ronald Pua sa panig ng AMSI. Sumaksi sa paglagda ang mga kagawad ng Sangguniang Panlungsod kabilang si Kon. Gigi Alcasid na siyang pinuno ng SP Committee on Health, at iba pang director ng AMSI.

Ang ospital na itatayo sa Kapayapaan Village, Brgy. Canlubang ay inaasahang magiging Level 2 Hospital na may 6 na palapag, 100 beds at dialysis center, at tutugon sa pangangailangang medikal ng mga mamamayan.



FUTURE CITY HOSPITAL




# BPASS o ONLINE APPOINTMENT SYSTEM SA PAGKUHA NG BUSINESS PERMIT, IPINATUTUPAD NA

Bilang pagtugon sa hinihinging mahigpit na health protocols ng pamahalaan at mapangalagaan ang mga tax payers ng lungsod, ipinatutupad ngayon ng Business Permit and Tricycle Franchising Office (BPTFO) ang BUSINESS PERMITS APPOINTMENT & SCHEDULING SYSTEM o BPASS.

Ito ay isang appointment system na maaaring gamitin upang makakuha ng schedule o appointment sa pagrerehistro o pagre-renew ng business permit. Gamit ang online system na ito, makakapili ang taxpayer ng petsa kung kailan pupunta sa City Hall para magpasa ng mga dokumento, magbayad ng buwis at kunin ang kanyang business permit.

Ayon kay G. Barrs Encarnacion, Pinuno ng BPTFO, maginhawang gamitin ang system at sisiguruhin nito na magiging ligtas at mabilis ang pagkuha ng business permit sa Enero, 2021.




# CITY VET PATULOY ANG KAMPANYA PARA SA 'RABIES FREE' CITY

Ang City Veterinary Office, sa pamumuno ni Dr. Shiela Matibag, ay patuloy na nagsasagawa ng mass Anti-Rabies vaccination at spay and castration para sa mga aso at pusa sa Mercado de Calamba sa mga itinatakdang schedule, sa hangaring tuluyang mapuksa ang rabies sa lungsod. Bukod dito, tumatanggap ang departamento ng walk-in clients para sa anti-rabies vaccination, deworming at check-up ng mga alagang hayop.



# ABONO PARA SA MAGSASAKANG CALAMBEÑO





Patuloy ang pagsuporta ng Pamahalaang Panlungsod sa mga magsasakang Calambeño upang matugunan at masiguro ang sapat na suplay ng pagkain ng mga mamamayan.

Noong ika-12 ng Oktubre ay namahagi ng abono para sa mga magsasaka si Mayor Timmy Chipeco, kasama sina Vice Mayor Ross Rizal, Kon. Joey Chipeco, Kon. Cha Hernandez at mga tekniko ng City Agricultural Services Department, sa pamumuno ni G. Boy Guerrero. Ang abono ay tinanggap ng mga lider na magsasaka mula sa iba't-ibang barangay.

# RIVER CLEAN-UP OPERATIONS PARA SA MALINIS NA KAPALIGIRAN

Hindi hadlang ang kasalukuyang pandemya upang ipagpatuloy ang River Clean Up Operations ng City Environment and Natural Resources Office sa pangunguna ni Gng. Loida Humarang. Ang programa ay isinasagawa ng tanggapan sa tulong ng River Rangers or River Armies na naglilinis sa ilog ng San Juan at San Cristobal at maging ng Baranca de Sipit Creek.

Bukod dito, nagsasagawa din ang tanggapan ng regular na disinfection ng pampublikong lugar at information campaign ukol sa wastong pagtatapon ng basura.



# CALAMBA CITY COVID–19

## PR

EXECUTIVE ORDERS, RESOLUTIONS AND ORDINANCES TO PREVENT THE SPREAD OF THE DISEASE:

1. EXECUTIVE ORDER NO. 2020-20: An Order Creating an Inter-Agency Task Force for the prevention of Covid-19.
2. EXECUTIVE ORDER NO. 2020-21: An Order Implementing Strict Social Distancing to Control and Limit the Exposure to the Covid-19.
3. EXECUTIVE Order No. 2020-22: An Order Adopting and Implementing the Guidelines on the Imposition of an Enchance Community Quarantine
4. EXECUTIVE Order No. 2020-28: An Order adopting DILG MC 2020-63 providing for the Interim Guidelines on the management of human remains for Patients Under Investigation and confirmed coronavirus disease 2019 cases.
5. CITY ORDINANCE NO. 684: An Ordinance Requiring the Mandatory Wearing of Face Masks and Stringent Practice of Physical Distancing
6. CITY ORDINANCE NO. 689: An Ordinance prohibiting the spitting or expelling of saliva, phlegm, mucous or other substances from the mouth or nose in public places.
7. CITY ORDINANCE NO. 590: An Ordinance prohibiting littering/dumping/throwing or improperly disposing of personal protective equipments.
8. CITY ORDINANCE NO. 692: An Ordinance requiring the mandatory wearing of face shield.

MANDATO
TION OF H








## DETECT

### TANOD COVID




### CONTACT TRACING



Executive Order 2020-31: An order organizing the contract tracing team of the City of Calamba.
DILG appoints 106 contract tracers in Calamba.

## ISOLAT

### PUTTING UP OF QUARANT FACILITIES




Quarantine Facilities:

| | |
|---|---|
| 1. Riverview | 6. Palo-Alto ES |
| 2. Looc ES | 7. San Ramon ES |
| 3. Banlic ES | 8. Real ES |
| 4. Parian ES | 9. Milagrosa ES |
| 5. Mayapa ES | 10. Brgy Lecheria |

# 9 PANDEMIC RESPONSES

## EVENT

### ORY IMPLEMENTA- EALTH PROTOCOLS







### AUTOMATED DISINFECTION PASSAGE SYSTEM




### MOBILE PALENGKE





### STRICT MONITORING OF P.O.S.O. UNDER MR. JEFF RODRIGUEZ IN IMPLEMENTATION OF HEALTH PROTOCOLS



### AIRCONDITIONED MODULAR TENTS AT THE CITY HALL PARKING LOT



### CUBICLES WITH PROTECTIVE BARRIERS FOR FRONTLINERS AT THE LOBBY



### EXTENSIVE INFORMATION DISSEMINATION




## TE / TREATMENT

### TINE



### REGIONAL CENTER CONVERTED INTO MEGA QUARANTINE FACILITY



Mayroong 600 bed capacity; 553 ang nakalaan para sa mga COVID-19 positive na pasyente at 97 para naman sa mga health workers at frontliners.



Close monitoring by City Health Office under Dr. Adelino Labro.

### DISTRIBUTION OF FOOD PACKS DURING LOCKDOWN PERIOD






Upang makapag-bigay ng oportunidad na ibalik ang kabuhayang lubhang naapektuhan ng pandemya, iniaalay ni Mayor Timmy Chipeco ang Balik Kabuhayan Program sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga programa ng Information, Investment Promotion and Employment Services Office (IIPESO) sa larangan ng employment, Cooperatives and Livelihood Development Department (CLDD) para sa livelihood trainings at City Agriculture Services Department (CASD) para sa agricultural services.

# Mayor Timmy Chipeco's Balik-Kabuhayan PROGRAM CALAMBA CITY






Pinangunahan ni Gng. Lav Chipeco ang pagtuturo ng pag-gawa Liquid Hand Soap, Hand Sanitizer, Liquid Detergent, at Dishwashing Liquid. Mayroon nang 304 benepisyaryo ang nakadalo sa trainings na ito.




Simula Agosto ay mahigit 5,000 na ang nakabalik ng trabaho o nakakuha ng bagong trabaho sa iba't-ibang kumpanya at tanggapan sa lungsod sa pakikipag-ugnayan ng IIPESO sa pamumuno ni Gng. Larissa Malinao.




Si Konsehal Joey Chipeco ang namahagi ng mga sisiw na inalagaan at pinagmulan ng bagong hanap buhay para sa mga beneficiaries.







Pinamahalaan ni G. Philip Bautista ng CLDD ang training para sa Broiler Production at pamamahagi ng libreng feeds para sa may 29 beneficiaries ng programa.




Nagbigay ng video-lecture ang mga agriculturists ng CASD sa pamumuno ni G. Boy Guerrero ukol sa backyard farming at container gardening.

# MAY CHRISTMAS GIFTS NA ANG MGA SENIORS

Nagsimula nang tanggapin ng mahigit 46,000 na senior citizens ng lungsod ang kanilang pamaskong handog mula kay Mayor Timmy Chipeco. Bagamat isang taunang programa, inaasahang mas makakatulong ang grocery packs sa taong ito dahil sa limitasyong dulot ng pandemya sa mga senior citizens.









# 656 RESORTS BUKAS NA ULI PARA SA MGA TURISTA

Mayroon nang 656 resorts sa lungsod ang nabigyan ng Authority to Operate ng Department of Tourism at muling tumatanggap ng mga turista, pagkatapos magsara dala ng community quarantine. Ito ay ayon sa datos hanggang Nobyembre, 2020 ng DOT-IVA.

Dahil dito, nakapagtala na ang City Tourism Office ng 22,076 na overnight visitors at 20,337 same day visitors hanggang Oktubre, 2020.

Habang pinapayagan nang tumanggap ng bisita ang mga resorts na ito, 50% lang na normal capacity ang pwede nilang tanggapin at dapat sumunod sa basic health protocols.

Patuloy ang monitoring ng POSO at Tourism Office upang matiyak ang pagsunod sa mga patakarang ito upang masiguro ang muling pag-angat ng turismo sa lungsod.




# KAMPANYA PARA SA KATAPUSAN NG VIOLENCE AGAINST WOMEN (VAW) ISINAGAWA

Isinagawa ng Pamahalaang Panlungsod sa pamamagitan ng Gender and Development Office ang kampanya upang masugpo ang karahasan sa mga kababaihan sa 12-day Campaign to End Violence Against Women na itinatakda ng Proclamation 1172, s. 2006.

Dala ng limitasyon ng pandemya, sinabi ni Ms. Jas Siman ng GAD Office na ang information campaign ay isinagawa nila online kasama ang On Line Dance Contest na may temang I want to End VAW.





# PUGAY TAGUMPAY PARA SA NAKAPAG-TAPOS NG PROGRAMANG 4PS

Pagkatapos sumailalim at makatupad sa mga panuntunan ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), ginawaran ng DSWD ng PUGAY TAGUMPAY ang 15 pamilyang Calambeño noong ika-25 ng Nobyembre, 2020.

Sila ay sina Jayson Bondoc at Angelina Pelayo ng Brgy. Looc, Anabel Fontanilla ng Brgy. Pansol, Lorena Paner, Marciana Estacio at Melinda Perales ng Brgy. Lingga, Arlyn Magbanua ng Brgy. Masili, Lourdes Villanueva ng Brgy. Sirang Lupa, Jose Bayani Lirio ng Brgy. Bagong Kalsada, Imelda Trilles ng Brgy. Palingon, Rowena Soriano at Lucia Sunajo ng Brgy. 2.

Sa kasalukuyan ay mayroong 4,025 na pamilya ang kasapi ng 4Ps sa 54 barangay ng lungsod. Sila ay nasa ilalim ng pagsubaybay ng 5 City LInks, 2 Social Welfare Assistants at 6 ng LGU Links sa ilalim ng CSSD Head, Ms. Celine Manabat.



# TAX AMNESTY ON REAL PROPERTY

DECEMBER 1, 2020 UNTIL JUNE 30, 2021

AN ORDINANCE GRANTING TAX AMNESTY TO DELINQUENT OWNERS OF REAL PROPERTIES FROM PAYMENT OF PENALTIES FOR A LIMITED PERIOD IN THE CITY OF CALAMBA
UNDER CITY ORDINANCE NO. 698 SERIES OF 2020

FOR MORE INFORMATION contact:
CITY TREASURY OFFICE
545-6789 loc. 8111 / 8112
treasury.calamba@yahoo.com

Payment of BUSINESS TAXES further EXTENDED until December 31, 2020 with waiver of surcharge & penalty because of economic disruption due to COVID 19
(City Ordinance No. 694, series of 2020)

## Reminder to all BUSINESS ESTABLISHMENTS

# BUSINESS PERMIT

LUNGSOD NG CALAMBA 1742 LAGUNA 2001

BUSINESS PERMITS AND TRICYCLE FRANCHISING OFFICE · CITY OF CALAMBA

## B.O.S.S. 2021
## BUSINESS-ONE-STOP-SHOP
## BY APPOINTMENT ONLY!

*Iwas PILAHAN, Iwas SIKSIKAN, Iwas COVID-19,*
*Para sa SERBISYONG MABILIS at LIGTAS!*

## Magpa-appointment na ngayon!

GO ONLINE:
https://bpass.calambacity.gov.ph

BPASS*
BUSINESS PERMIT APPOINTMENT & SCHEDULING SYSTEM

SCAN QR CODE:

*Business Permit Appointment & Scheduling System

For inquiries/questions
Visit Cityhall BPTFO Help Kiosk
Call (049)545-6789 loc. 8101, 8102

HAPPY KAMI SA CALAMBA CITY

B.O.S.S. and BPASS are EASE OF DOING BUSINESS PROGRAMS of MAYOR TIMMY CHIPECO, the SANGGUNIANG PANLUNGSOD, and the BUSINESS PERMITS AND TRICYCLE FRANCHISING OFFICE

#serbisyongCHIPECO

## REAL PROPERTY TAXPAYERS:

20% DISCOUNT

- FOR ADVANCE PAYMENT OF REAL PROPERTY TAX CALENDAR YEAR 2021
- PAYMENT SHALL BE ON OR BEFORE DECEMBER 29, 2020

NOTE: COMPANY AND PERSONAL CHECK PAYMENTS WILL ONLY BE ACCEPTED ON OR BEFORE DECEMBER 15, 2020

FOR MORE INFORMATION:
CITY TREASURY MANAGEMENT OFFICE
(049) 545-6789 LOC. 8111 / 8112
treasury.calamba@yahoo.com

## EMERGENCY CONTACT NUMBERS

24

- Calamba City Health Office
  545-6789 loc. 8015
- Calamba Medical Center
  545-1740; 544-0084
- Calamba Doctors Hospital
  545-0195, 545-2529, 545-7372; 09175457371
- Global Care Medical Center Canlubang
  554-4262; 09615292621
- Philippine Red Cross - Calamba
  501-1929
- Jose Rizal Memorial Distict Hospital
  502 - 1755

PUBLISHED BY: IIPESO CALAMBA
Information, Investment Promotions & Employment Services Office